

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

# HOPE HAS COME

## Tinubos sa Kaukulang Halaga

WEEK 2

### WARM-UP

- Ano ang pumapasok sa iyong isipan sa tuwing naririnig mo ang salitang “kalayaan”? Bakit ito ang naiisip mo?
- Naranasan mo bang umako ng pagkakamali ng iba? Ano ang nangyari?
- May bagay ka bang ginawa kahit hindi mo naman gustong gawin na ngayon ay pinagsisisihan mo? Ano tungkol dito ang nais mo sanang gawin sa ibang paraan?

**WORD** *<sup>4</sup>Ngunit nang dumating na ang takdang panahon, isinugo ng Diyos ang kanyang Anak sa mundo. Ipinanganak siya ng isang babae at namuhay sa ilalim ng Kautusan*  
*<sup>5</sup>para palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan, nang sa ganoon ay maging anak tayo ng Diyos.*

### MGA TAGA-GALACIA 4:4,5

Tayo ay mga alipin ng kasalanan at *binilanggo tayo ng kautusan* (Mga Taga-Galacia 3:23). Noong panahon ni Pablo, ang mga alipin ay nasa ilalim ng pamamahala ng kanilang mga amo. Wala silang magagawa maliban sa sasabihin o pahihintulutan ng kanilang amo. Ang kasalanan ang naging amo natin, kung kaya’t ibinigay ng Diyos ang kautusan, isang koleksyon ng mga patakaran at obligasyon, bilang gabay kung paano tayo dapat mamuhay. Ngunit dahil tayo ay may limitasyon at makasalanan, hindi natin magawang tuparin ang kasulatan at nararapat nating matanggap ang kaparusahan. Ang mabuting balita ay naparito si Jesus upang magdala ng pag-asa. Tinubos Niya tayo kapalit ang kaukulang halaga—ang Kanyang buhay—upang tayo ay mapalaya sa pagkakabilanggo sa kasalanan. Ipinapaalala sa atin ng Pasko na naparito si Jesus upang magdala ng pag-asa at mapalaya tayo. Paano tayo pinalaya ni Jesus?

## 1 | Si Jesus ay ipinanganak sa ilalim ng kautusan.

*Ngunit nang dumating na ang takdang panahon, isinugo ng Diyos ang kanyang Anak sa mundo. Ipinanganak siya ng isang babae at namuhay sa ilalim ng Kautusan . . .* **MGA TAGA-GALACIA 4:4**

Si Jesus, tulad natin, ay ipinanganak sa *ilalim ng kautusan*, ngunit wala Siyang kasalanan, hindi tulad natin. Dumating Siya upang gawin ang hindi kayang gawin ng kahit na sinong tao—ang tuparin ang kautusan (Mateo 5:17). Bagama't hindi ito madali, tinupad Niya bilang isang tao ang lahat ng hinihingi nitong obligasyon. Hindi Siya pumarito para sirain ang kautusan, kundi para tuparin ang layunin nito at nang mapalaya tayo mula sa pagiging alipin ng kasalanan. Paano ka namuhay noong hindi mo pa kilala si Jesus? Paano nagbago ang buhay mo simula nang Siya ay maging iyong Panginoon?

---

---

## 2 | Kay Cristo, tayo na nasa ilalim ng kautusan ay napalaya na.

*<sup>4</sup>Ngunit nang dumating na ang takdang panahon, isinugo ng Diyos ang kanyang Anak sa mundo. Ipinanganak siya ng isang babae at namuhay sa ilalim ng Kautusan <sup>5</sup>para palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan . . .* **MGA TAGA-GALACIA 4:4,5**

Ang lahat ng nakay Cristo ay tinubos na. Ang pagtubos ay nangangahulugan ng muling pagbili o kaya ay pagbawi sa pamamagitan ng pagbabayad ng kaukulang halaga. Dahil tayo ay nilikha ng Diyos, tayo ay sa Kanya na. Ngunit nang pumasok ang kasalanan sa ating mga buhay, ito ang ating naging amo at namuhay tayo ayon sa sinasabi nito. Ngunit dahil sa dakilang pag-ibig sa atin ng Diyos, ipinadala Niya ang Kanyang natatanging Anak upang maibalik Niya tayo sa Kanya, at mamuhay ayon sa itinakda Niya—may kalayaan at nasa tamang ugnayan sa Kanya. Ayon sa Mga Taga-Galacia 5:1, ano ang dapat nating gawin ngayon na tayo ay pinalaya na ni Cristo?

---

---

## APPLICATION

- Si Jesus ang nagpalaya sa atin mula sa pagkaalipin sa kasalanan. Paano nito maaapektuhan ang pag-uugali mo tungkol sa Kanyang mga utos?
- May mga bahagi ba ng buhay mo kung saan nahihirapan kang sumunod sa Diyos? Ano ang maaari mong gawin ngayong linggo upang maging matatag sa kalayaang ipinagkaloob sa iyo ni Jesus?
- Para sa linggong ito, pag-aralan ang Mga Taga-Roma 5:8. Tayo ay pinalaya ni Jesus sa kabila ng ating mga kasalanan. Paano nito mababago kung paano mo nakikita at pinakikitunguhan ang ibang tao? Paano mo maipapangaral ang ebanghelyo sa mga taong hindi mo kadalasang kinakausap?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala kay Jesus upang mamuhay bilang tao at nang sa gayon ay mapalaya ang buong sangkatauhan mula sa kasalanan. Pasalamatan Siya sa dakila Niyang pagmamahal sa atin.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan upang hindi na magpatuloy sa pagiging mga alipin ng kasalanan, at sa halip ay maisapamuhay ang katagumpayan na ipinanalo ni Jesus para sa atin sa krus. Ipanalangin na lalo pang lumalim ang iyong pananampalataya habang sinusunod mo ang Kanyang mga utos.
- Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng mga pagkakataon na maibahagi sa panahong ito ang ibinibigay Niyang pagmamahal at kalayaan sa iyong pamilya at mga kaibigan.